

# SI NANAY AT ANG MGA LIHIM NG HABAMBUHAY

Mayette M. Bayuga

## Paano nga bang Maiintindihan ang Pagtibok ng Puso

Nakabuyangyang ang kaniyang dibdib. Kinukutikot ng aparatong pinahiran ng gel. 2D Echo. Sumasayaw ang mga mistulang anino sa monitor ng aparato. May aninong anyong dila ng apoy. Mayroong simbughaw ng langit. Minsan ulap. Minsan dagat.

Binibilang ba ang tibok ng puso? tanong ko sa nurse. Hindi, sagot niya.

Sinusuyod ang mga lagusan ng puso. Tinitingnan ang pagbubukas-sara ng mga balbula. Inaalam kung may mga tagas. Pinagninilayan ang kontraksiyon. Pati na ang pagbomba. Doktor lang ang maaaring magsabi kung ano ang kahulugan ng mga anino. Sila man daw na taga-Heart Station, hindi lubusang naiintindihan ang lahat, sa kabila ng dami ng pusong kanilang napagsilbihan.

Wala naman talagang tunay na nakaalam sa pintig, sa tibok, at sa lagom ng puso. Pero ano't habang pinagmamasdan ko si Nanay, hindi man ako doktor, hindi paham, at lalong hindi henyoy, antok na antok sa madaling araw na walang aasahang kahaliling bantay, bakit pakiramdam ko, alam na alam ko.

## Pagpapalit ng Diaper sa Pagitan ng Hatinggabi at ng Pagkabaliw

“Madali bang magpalit ng diaper?” ukilkil nila sa akin.

Bago ang lahat, paano nga ba magpalit ng diaper sa isang bedridden? Una, ihanda ang bagong diaper, ang plangganang may maligamgam na tubig, ang sabon, at ang labakara. Sa totoo lang, puwedeng baby wipes lang, gaya ng kalakaran sa ilang ospital. Siguraduhing may nakalatag na underpad, iyong saping pang-ilalim na nabibili rin sa drugstore o sa grocery, kapag gagawin ang pagpapalit. Kailangan ito dahil may tsansang biglang umihi ulit—ay basa na at mapanghi pa ang kubrekama! Sasaluhin din nito ang tagas ng tubig na panghugas.

Kapag handa na’y patagilirin ang maysakit, nasasaiyo kung pakanan o pakaliwa. Maaaring ito’y maging batay sa nakasanayan, ayon sa natutunan sa pag-asisti sa mga nurse. ‘Pag naikamada na ang mga gamit at ang maysakit, alisin ang pandikit sa magkabilang bahagi ng papalitang diaper. Nakausli ang mga pandikit na ito sa dulo ng tawagin na lang nating “wings” ng diaper. Isuksok ang pang-ilalim na wings sa bandang pigi kung saan siya nakatagilid. Bahagyang ibuka ang kaniyang mga hita. Hugutin ang pang-ibabaw na bahagi ng diaper. Maluwag nang sasama ang ilalim na bahagi. Kapag natanggal na ang maruming diaper, hugasan na ang puerta/ari at ang puwit, saka tuyuin ng labakara. Siguraduhing naka-gloves at laging pababa tungong puwitan ang paghugas. Pagkatapos nito’y muli siyang itagilid at isuksok ang bagong diaper sa ilalim ng pigi. Saka siya itihaya, isaayos ang diaper, at idikit ang magkabilang bahagi nito.

Noong una, inaabot ako ng labinlimang minuto para magpalit ng diaper dahil sa magkahalong ingat at atubili. Habang tumatagal, bumibilis at nagiging kalkulado ang galaw ko. Sabi nga nila, sanayan lang iyan. Ngayon,

sa loob lang ng kulang-kulang limang minuto, kaya kong gawin ito. Iyan ay kung diaper na may ihi lang ang pinaguusapan. Ibang isyu na kapag may iba pang laman ang papalitan.

Madali lang magpalit ng diaper. Kasindali ng pagtatakwil sa walang kakuwenta-kuwenta't sinungaling na kapatid, na sa kabila ng tinamasang layaw ay ayaw magsilbi sa magulang sa panahon ng labis nitong pangangailangan.

## Sumpa

Kasagsagan ng sakit ni Nanay. Kapos na kapos na kami't nadurugtungan lang ang pisi mula sa abot ng mga dumadalaw na kamag-anak at kaibigang minsang nakaranas ng kaniyang pagmamahal. Higit kalahating taon na kaming nakalabas sa ospital, at hindi tumitigil ang gamutan. Nariyan nang magkaroon siya ng impeksyon sa puerta at kailangang turukan ng antibiotic ng nurse tuwing ika-apat na oras sa loob ng isang linggo, pati na sa madaling araw. O kaya'y dahil sa granulation, hindi na maipasok ang inner cannula ng kaniyang tracheostomy tube kahit kapalalit lang nito, at dahil may pagdurugo kapag ipinipilit, tumatawag pa ng nurse o off nang caregiver. Pera, pera, pera! Patuloy din ang regular check-up sa mga doktor, ang pagpunta sa ospital para sa x-rays, blood tests, at kung ano-ano pa.

Dahil freelancer, dati na akong kumikita sa online freelance platforms. Dalawang dekada nang home-based at kalaunan ay internet-based ang trabaho ko. Nasabing dolyar, pero hindi kataasan ang bayad at humihigop ng oras ang transcription, manakanakang translation, at iba pang gawa. Dahil inako ko na ang pag-aalaga tuwing umaga, nawalan na ako ng lakas at panahon para tumanggap pa ng mga proyekto. At dapat kong aminin, hindi ko kikitain nang ura-urada sa mga proyekto ko ang ₱800 - ₱1000 per

12 hours to be paid right after shift ng caregiver. Mas praktikal na ako mismo ang maging caregiver kay Nanay kaysa magbayad pa sa iba.

Noong panahong iyon ng matinding gipit, ikinuwento ng kapatid ko ang tatlong magkakahawig na naratibo ng mga anak (isa lang sa kanila ang personal kong kilala), na nang wala nang pera para sa pagpapagamot ng magulang ay'di wala na. In short, tama na. Kilala ko ang estilo ng kapatid ko. Tuwing nagkukuwento siya ay may pa-sample ng karanasan ng mga kaibigan, na halatang idinidiing dapat tularan ang mga iyon, dahil magagaling sila, makoneksiyon, o kaya'y de buena familia. Kaugnay sa kaso ni Nanay, ang ibig lang niyang sabihin, itigil na ang gamutan dahil wala nang pera. Hindi ko na siya tinanong kung ano bang ginagawa ng negosyo niya, na alam ko kung paanong sinuportahan ni Nanay mula simula hanggang wakas, hanggang muling pagbangon, hanggang walang hanggan.

Totoong wala kaming hawak na pera, pero may maaari kaming ibenta. Tawagin na natin itong mana. Sana. Puwedeng sabihing ito'y prime property. Dala ng sinop sa pera at payak na buhay ay naipundar ito nina Nanay at Tatay noong bagong kasal pa lang sila. Alang-alang sa patuloy na pagpapagamot at sa ginhawa ni Nanay, para sa akin, dapat lang itong ibenta. Iyon ang kinamatayang hiling ng ate kong panganay. Gusto ni Ateng maibenta ang propiedad noong malakas pa si Nanay, para si Nanay ang magtamasa ng dadalhing ginhawa. Sinang-ayunan siya noon ng kanina'y nabanggit na kapatid na siyang doon nakatira at may negosyo roon. Sa paglipas ng mga taon, pinanghawakan naming lahat ang mga boka nito tungkol sa kalakaran ng bentahan ng propiedad sa lungsod, ng posibilidad ng lease, at kung ano-ano pa.

"..., ang tagal-tagal!" sigaw ng ate kong panganay. Hanggang huling hininga ay tinatawag niya ang nabanggit na kapatid, tinatanong kung bakit ililibing na siya'y wala pa ring nangyayari sa pagbibenta. "..., ang tagal-

tagal!” paulit-ulit niyang sigaw, sigaw na dinala niya sa libingan, sigaw na umaalingawngaw hanggang ngayon sa aming mga buhay.

Akala ko, dala ng pagkakasakit ni Nanay, sa wakas ay tototohanin na ng nabanggit na kapatid ang pagbibenta. Kailangang isampal sa akin ang totoo—na mas mahalaga sa kaniya ang bahay at lupang iyon. Higit pa sa buhay nino man.

Isa sa mga pinakamahalagang pasya ng buhay ko ang ibiyahe si Nanay. Kasama ang caregiver at armado ng medical travel clearance, nag-eroplano kami pauwing Maynila. May natitira pa akong isang kapatid doon, na sa dami ng iniinda sa isip at katawan, alam kong hindi ko rin naman maaasahan. Mahaba pa ang gamutan, pero sigurado ako noon, gusto pang mabuhay ni Nanay. Kailangang bitawan ang lahat, ang lahat-lahat, pati ang walang silbing daloy ng dugo, ang kasuklam-suklam na kapilas ng laman.

### **Ngayon Mo Sabihin sa Aking Magmongha Ako**

Sabi mo bagay sa akin maging mongha  
Nakatalukbong mula ulo hanggang paa  
Dulo lang ng hinliliit ang nakikita.  
Na-stroke si Nanay habang nagbabakasyon sa probinsiya  
Sumugod ako roon at higit dalawang buwan kami sa ospital  
Iisa na ang tunog ng vital signs, blood test, x-ray, cbc, urinalysis  
Discharged na sana nang bumagsak ang sodium at potassium  
Sa ICU nauwi dahil hospital-acquired pneumonia ang komplikasyon.  
Hindi buhay-ospital na walang kahaliling bantay ang tunay na kalbaryo  
Kundi ang mga araw ng lubusang pagpapagaling sa bahay namin  
Bedridden, isa-suction ang plema, sa NGT pakakainin hanggang gumaling  
Isa, dalawa, tatlong buwan, taon, hindi ko alam. At  
tututok ako, ako at ako at ako pa rin.

Sa umaga'y matagal nang sabay sa dupikal ng kampana ang aruga  
Bawal ang makolesterol at ang pampataas ng uric acid  
Etsa-puwera ang may gata, matamis, pati isdang may kaliskis. Aligaga  
sa OOTD, potluck, manito/manita't iba pa niyang bonding  
Sa dating kaopisina, kaorganisasyon, kasimbahan, o friends forever.  
Sa bawat gabi'y pilit nagpapaalala ang isang haplos  
Limot man ang init ng dantay sa pisngi, sa baywang, sa hita  
Balot ng puting kumot mula ulo hanggang paa  
Habang ipinaghehele ng agunyas  
Ng paulit-ulit na pagpapakamatay.  
Walang sasapat na mga salita sa pagtalikod sa laya  
Ngayon mo sabihin sa aking magmongha ako  
Dahil matagal na, matagal na matagal na akong mongha.

## **Isang Salita, Kaisa-isang Salita**

Sabi nila, magbigay daw ako ng isang salita. Iyong hindi ko madalas gamitin.

Pag-ibig. Kusang dumating ang salita. Ni hindi ko inisip. Ano'ng klaseng pag-ibig, parang korong panabay ang kanilang tanong.

Iba't iba ang pag-ibig, pumailanlang ang boses ng isa. Nagbabaga ang eros, para sa sinta, sakop ang romansa, panglaman, may erotika. May tindig ang philia, ang sumasaklaw sa magulang at sa mga kapatid, para sa pamilya. At may agape, ang banal na pag-ibig, tangi para sa Panginoon. Binigkas niya ang paliwanag na parang orasyon, kung paano niya itong isinagot sa Second year High School Religion class recitation.

Dumagundong naman ang boses ng kaniyang kasama, may itinataas na bandera sa bawat linya.

Pag-ibig sa bayan!

Pag-ibig sa kalikasan!

Pag-ibig sa tanang nilalang, pati sa buhay-ilang!

Pag-ibig sa iba't ibang kasarian!

Pag-ibig sa kalayaan!

Pag-ibig sa 'di nakikita't 'di naiintindihan!

At higit sa lahat, pag-ibig sa Sarili!

Huwag din kalimutan ang platonic love, hirit naman ng pinakatahimik sa kanila. Parang hiyang-hiya pang ang mga labi'y ibinuka.

Sandamakmak ang pumapag-ibig, pa-final words ng kasama nilang bida-bida dahil naging scholar daw sa Europa. May istruktura ang pag-ibig mula inkarnasyon bilang pers lab, young love, puppy love, second chance, till death do us part, long and lasting, one great love, walang hanggan, at 'di maiiwasang sawing pag-ibig, hanggang sa ebolusyon tungo sa rebound, TOTGA, pinagtagpo pero 'di pinalad, at ang walang kamatayang forever. Walang katapusan ang mga litanya ng uri ng pag-ibig, 'di nga ba't may pag-ibig sa pag-ibig. Universal language dapat tandaan, kaya laging paksa ng kuwento, tula, kanta, at sa spoken word poetry bentang-benta.

Ay, pag-ibig... may pagkakataong dakila, wagas, tapat, tunay; mas madalas walang dangal, hangal, baliw, tanga.

Pag-ibig... Pag-ibig... Pag-ibig...

Hindi para sa akin ang pag-ibig.

## **Hindi Para sa Akin ang Pag-ibig**

Iyon ang akala ko. Iyon ang sabi ko. Hanggang dalawin ko si Nanay sa ICU, nakatubo ang bunganga, may pulse oximeter sa hintuturo

na nakakabit sa monitor sa dakong ulunan, nahihimlay sa pagitan ng agaw-buhay at habambuhay.

Hindi ako nagdalawang-isip nang sabihin ng pulmonologist na kailangang gawin ang tracheostomy operation. Mabilis ang pirma ko sa waiver na iniabot ni Doc nang ipatawag niya ako nang madaling-araw na iyon. Kailangan na raw agad gawin ang procedure dahil naghahabol na ng hininga si Nanay. Sa kabila ng intubasyon, patuloy ang pagkapal ng kaniyang 'di mailabas na plema, na baka muling mauwi sa pneumonia. Takot man ako sa operasyon dahil walumpo't walo na si Nanay, mas di ko kayang walang gawin sa sitwasyon niya. Hindi na ako nagdalawang-isip. Ni hindi ko inisip ang pera, ang realidad na sa mga oras na iyon, talagang kami'y walang-wala na.

Hinawakan ko ang mga kamay ni Nanay bago siya tuluyan nang ipasok sa operating room. Habang naghihintay sa tabi ng pintong may markang OR - Unauthorized Persons Not Allowed, naramdaman ko ang lalim ng aking pananampalataya. Dasal. Gaya ng maraming ibang pagkakataon sa buhay ko, tunay na naintindihan ko ang kapangyarihan ng dasal.

“Sumasampalataya ako...,” tinawag ko ang Amang lumikha ng langit at lupa, ng tanang nakikita at 'di nakikita. May sariling pakpak at buntot ang mga sumunod pang salita. Nagmamakaawa't nagpipita, gumapang ang mga salita sa kailailaliman at kadilimdiliman, ginalugad ang bawat lagusan ng hapis at tuwa, liwanag at luwalhati, bago tuluyang sumalunga sa katarik-tarikang langit. Dasal. Iyon ang dasal, ang dasal na nagpadaloy ng hangin, nagpapanatag ng pulso, at nagpakalma ng tibok ng puso ni Nanay.

Akala ko iyon na nga ang dasal.

Hanggang makalabas kami ng ospital at dumating ang mga sandali ng mag-isang pag-aalaga kay Nanay sa bahay. Kaututang dila ang panghi, ang



plema, ang sugat, ang paninikip ng paghinga. Walang puwang ang pagod, ang puyat, ang lungkot, ang takot, ang galit.

May oras ang pagpapakain gamit ang nasogastric tube o NGT, anim na beses isang araw. Walang oras ang pagdaloy ng ihi at ang pagsabog ng taе. May oras ang pag-inom ng gamot. Walang oras ang emergency. May oras ang ligo, masahe, therapy. Walang oras ang luha.

Noong una, may dalawa kaming caregiver. Isang pang-umaga, isang panggabi. Nang 'di na sapat ang pera, sinabi kong aakuin ko na ang araw, huwag na huwag lang mawalan sa gabi. At ginawa ko nga iyon. Kaya lang, nangyari pa rin ang kinatatakutan ko, nawalan pa rin sa gabi. May kapatid, pero parang wala, at minsan nga, sadyang nawawala, sinasadyang mawala.

Ayaw ko nang isipin o ipaliwanag kung paano kong kinaya ang halos bente kuwatro oras na pag-aalaga. Ilang ulit nga bang nabuhos sa akin ang ipinakakain kong osterized food, dahil nakatulog na pala ako habang hinihintay ang pagdaloy nito mula sa sa asepto syringe. May panahong ubod ng lapot ng pagkain, tuwing may sangkap na saging o kaya'y itlog, at halos isang oras o higit pa inaabot ang pagpapakain. Kung minsan, nanginginig ang mga tuhod ko sa pagbuhat o pag-angat kay Nanay. Kailangang tuwing ikalawang oras ay baguhin ang kaniyang posisyon, para huwag magkaroon ng bed sores. Ganoon din kapag uupo siya sa wheelchair katulong ng caregiver o ng inuupahan naming tagabuhat. Maraming pagkakataong kailangan kong iwan ano mang ginagawa, nasa gitna man ng pagkain, pagbabanyo, o ano pa man, dahil nandiyan na ang tagabuhat niya.

Sa gitna ng bigat at hirap, mas madalas na mag-isa lang ako. Tunay na mag-isa lang ako. Noong isalang si Nanay sa operasyon, sinalo kami ng dasal. Akala ko noon ay sapat na ang mga salitang gumapang sa kailailaliman at tumawid sa tarik ng langit. Hindi pala.

Narito pala ang dasal kung nasaan ako. Hawak ko pala ang dasal. Kamay ko ang dasal.

## **Tinanong ko ang mga Diyos Kung Ano ang Sakop ng Buhay**

Lahat. Ito, iyan, dito, doon, tayo, ikaw, siya, ako. Ang paghinga, paghingalay, pahinga. Pawang salita, salik, at saysay. Tanang banggitin ko, bawat saklaw ng alaala mo, ang kahit ano mang ipinaglalaban nila, buhay iyan.

Ang mga lambak, talampas, bangin, burol, dalisdis, bundok ... pati na iyong walang patawad nang kinalbo't ginahasa ...

Pawang dagat, ilog, sapa, bukal... pinagtapunan man ng basura, binalahura ng pagmimina, o sinagasaan ng reklamasyon...

Lakbayin lahat ng abot-tanaw, mula sa kaitaasan ng langit yakap ng mga ulap hanggang sa kailailaliman ng di-madipang lupa...

Saklaw ang lundo ng lumbay, ang salalayan ng saya, ang palababahan ng paglaya, ang lambong ng libog, pati na ang tili ng takot...

Kasama ng sanga tangkay bulaklak damong ligaw, may tanglaw ng buwan bulalakaw at mga bituin, sinisikatan ng araw ang pag-iral ng mga bagay na paimbabaw. Kaya mahabang panahong namayagpag ang materyal. 'Di ba't nilantakan ang mga pinakabagong teknolohikal na alay. Ay, buhay!

Nakasisilaw ang rangya, layaw, ningning, sarap. Kaya't di mahanap ang daan tungo sa mga limot na libingan... sa mga ulilang puntod... sa pinakahuling himlayan... dahil lagi't lagi, nalilimutan ng marami, sakop din ng buhay ang kamatayan.

## **Silang 'Di Nagbabayad Ng Utang**

Utang na pera, o utang na loob? Tanong ko. Pareho, pumailanlang ang sagot. Hininga't hinagap iyong dumating, may tinig ngunit walang

mukha. Anino. Yabag. Hangin.

May mga tao bang may pagkakautang sa iyong nanay?

Oo.

Magpasalamat ka sa kanila.

Silang hindi bayad, silang ni hindi nakakaalala? Sumisigaw ang utak ko kahit pipi ang bunganga.

Oo. Sila. Dahil sa kanila kaya nananatili siyang malusog.

Nakarayat si Nanay, bedridden, pero tunay ngang malusog. Labis-labis biyayang sa kasagsagan ng pandemyang COVID 19, di namin kailangang makipagsapalaran sa ospital. Pero paanong nangyaring dapat ko iyong ipagpasalamat sa mga taong buong kapal ng mukhang humingi ng tulong sa kaniya noong panahon ng kanilang pangangailangan, pero 'di nagparamdam man lang nang siya na ang nangangailangan? Ilang kasal-binyag-libing na ang dumaan sa kanilang mga buhay di man lang sila nahimasmasan.

May batas ang kalikasan. May dunong ang uniberso. Balanse, anak, binabalanse ang lahat. Muli akong pinaalalahanan ng tinig. Buhay ang enerhiya ng ano mang utang na 'di binayaran. Paulit-ulit itong maniningil. At paulit-ulit itong pagbabayaran. Itinatanong mo kung sa paanong paraan. Madali lang. Sa takdang panahon, sasaluhin ng may pagkakautang, salapi man iyan o kabutihan, ang ano mang laan sa pinagkakautangan. Tanang sakit, kahirapan, pighati, kamalasan... Sa kaniya, o sa kaniyang mga anak at apo, sa buong salinlahi niya dadagok ang dapat sana'y sa pinagkautangan. At lagi't lagi, makararating sa pinagkakautangan ang balita ng kanilang kapahamakan, 'di man asamin, 'di man asahan.

Parang sumpa, sabi ko.

Sumpa ang mangutang, utang na pera man iyan o utang na loob, nang 'di inaalintana ang kabayaran. Isinusumpa ng may pagkakautang ang kaniyang sarili.

Iyon lang at naglaho ang alingawngaw—hininga't hinagap, anino, yabag, hangin.

Ganoon, ganoon dumating ang mga lihim.

## **Hindi na Ulit Ako Nagtanong sa mga Diyos**

Hindi ko alam kung dahil natakot ba ako sa kanilang mga sagot. O dahil inakala kong nasa akin na ang sagot. Nasa paghinga, sa bawat hiningang lumalagom sa lawak ng mundo; nasa puso, sa bawat tibok na pinakakawalan tungong walang hanggan; nasa daloy—bulong sigaw halinghing hikbi—na pawang tumatawid sa simula't katapusan... nasa pag-ibig, nasa dasal, nasa sumpa....

Labing-isang taon si Nanay nang sumiklab ang ikalawang digmaang pandaigdig. Ang sabi niya, nagbabayo siya ng palay nang una nilang marinig ang putukan at pagsabog sa paligid. May bundok sa likod-bahay nila at doon sila nagbabakwit tuwing kinakailangan, at agad ding umuuwi kapag humupa na ang mga putok. Minsan sa pagmamadali'y 'di sila nakapagdala ng mga gamit. Maselan ang bunso niyang kapatid at ayaw nitong kumain nang walang kubyertos. Pinabalik ni Lola si Nanay sa kanilang bahay. Bago pa man siya makaalis dala ang mga pinggan at kubyertos, may dumating na dalawang Hapon. Mabuti na lang at may tambak ng mga muebles sa kanilang kusina, dahil doon inihabilin ng isang maykayang pamilya ang mga aparador, escritorio, silya, at iba pang kasangkapan. Nagsumiksik siya sa pagitan ng mga iyon. Umikot-ikot ang mga Hapon, pero agad ding nagsialis. Nang wala na ang mga ito, noon niya napansing may salamin ang aparador na halos kaharap ng pinagtataguan niya, at kung napausli lang ang kaniyang hintuturo o alakalakan ay huli na siya.

Lagi kong iniisip simula noon, paano kung nahuli si Nanay ng mga Hapon? Pakiramdam ko, putol ang kuwento. Bitin. Minsan, masasabing

mainam din ang ganoon, dahil maraming ibang kuwentong maaaring idugtong.

Kung nahuli raw si Nanay ng mga Hapon dadalhin siya sa barracks, paglalampasuhin, pag-iigibin ng tubig, aalilain. At ang malagim, maaaring gaya ng mga sanggol, tatarakan siya ng bayoneta, papatayin. Hindi pa isinisiwalat noon ni Lola Rosa at ng iba pang comfort women ang kanilang sinapit sa kamay ng mga Hapon. At hindi pa abot ng isip ko ang rimarim ng kahalayan. Sa awa ng Diyos, hindi nahuli si Nanay ng mga Hapon. Nakabalik siya sa bundok kung saan sila nagbakwit. Kumain nang may kubyertos ang kaniyang bunsong kapatid.

At nadugtungan nga ang kuwento ni Nanay. Hanggang maging bahagi ako ng kuwentong iyon. Anghel akong dumating, sabi niya, dahil nasa tiyan pa lang ako iniligtas na ako ng aking angel de la guardia, o anghel na bantay. Kabuntisan niya ay gumagawa ng thesis si Nanay para sa kaniyang Master's Degree. Bahagi ng pananaliksik ay kinailangan niyang pumunta sa ilang taniman sa Inagawan sub-colony. Malayang namumuhay ang ilang bilanggo ng Iwahig Penal Colony sa Inagawan. Ang ilan sa kanila ay may pamilya na roon. Taglay nila ang pribilehiyong iyon dahil napatunayan nilang maaari na silang muling pagkatiwalaan. Gayunman, ang sakop lang ng lugar na iyon ang kanilang dapat puntahan. Kilala sa tawag na kolono, nagsasaka, namamalakaya, o kaya'y lumilikha ng souvenir items ang nabanggit na mga bilanggo.

Naghanap ng mauupahang sasakyan si Nanay para maging madali ang pag-iikot niya sa lugar. Hindi pa palasak noong panahong iyon ang mga paupahang sasakyan. Isang pick-up truck ang naipagamit sa kaniya, na karapatdapat naman dahil malubak ang daan patungo roon at susuyurin ang mga liblib at kamarikutan ng lugar. Nang matapos ang sadya, agad nang sumakay sa pick-up truck para makapagpahinga si Nanay. Nasa 'di kalayuan lang ang driver, may kausap na mga tagaroon. Isang kolono ang biglang

dumating at sa isang iglap ay binuksan ang driver's seat at pinaharurot ang pick-up. Hindi alam ni Nanay na hindi niya naisara nang maayos ang pinto sa passenger's side. Sa biglang galaw ng sasakyan ay nasadsad siya sa pinto at tuluyan na iyong bumukas. Nasa may sinapupunan niya ang rosaryo at ang nobenaryo ni San Hudas Tadeo nang mahulog siya. Ramdam na ramdam niya ang unti-unting paglapag ng kaniyang katawan, na para bang may sumasalo sa kaniya. Puwit niya ang unang tumama sa lupa.

Maliban sa nagkulay-lilang puwit at mga hita, walang naging aberya sa katawan ni Nanay. May takot nga lang siyang baka ilabas akong sungi o may cleft palate. Wala pang ultra sound noon. Wala pa ring doktor na espisipiko sa pagbubuntis sa Puerto Princesa. Kaya idinaan niya sa nobena ang kaniyang matinding takot. Ilang buwan ang lumipas matapos niya akong maipanganak, nakarating sa kaniya ang balitang binartolina ang kolonong nagpaharurot ng pick-up. Nasa elementarya na ako nang una niyang ikuwento sa akin ang pangyayaring iyon.

“Ano po ang bartolina?” tanong ko kay Nanay.

Isang masikip na kulungan kung saan walang tumatagos na liwanag ang bartolina. Nakakadena sa loob niyon ang pinarurusahan. Kawawa naman iyong kolono. Ganoon ang naaalala kong sagot niya. Maawain talaga si Nanay, kahit sa mga nakagawa ng masama sa kaniya. Hindi ko minana ang ugali niyang iyon.

Ang pagkakakulong sa bartolina ay katumbas ng unti-unting pagkamatay ng espiritu, kung hindi man ng katawan. Naintindihan ko iyon nang magkaisip na ako. At hindi ko maubos-maisip kung anong galit o anong lungkot ang nagtulak sa kolono para gawin ang isang bagay na alam din niyang sa huli ay ikapapahamak niya. Bakit kailangan niyang paharurutin ang sasakyan? Pupuga o tatakas ba siya, 'di ba't malaya naman siyang namumuhay doon? Ngayon sa aking pagtanda, hindi ko rin maubos-maisip kung anong higit pang lagim ang nangyari sakaling di nahulog sa pick-up si Nanay.

Ipinanganak akong hindi sungi. Hindi rin ako umiyak kundi pa tinampal ng midwife. Mag-aanim na taon ako noong unang magpakita sa akin ang isang anghel. Siya ang angel de la guardia, ang aking anghel. Nagparoo't parito siya habang mag-isa akong naglalaro sa aming likodbahay, nagkukutkot ng lupang hinuhugis kong tao-tauhan. Anghel siya, oo, anghel nga, kaya lang wala siyang pakpak. Noong gabing iyon, tinanong ko si Nanay kung may pakpak bang lahat ng mga anghel. Nakalimutan ko kung ano ang isinagot niya. O maaaring noong sumagot siya'y iba na ang aking pinagkakaabalahan. Pisngi't labing mamula-mula sa maamong mukhang nakahingalay sa dalawang pakpak at sa suson-susong ulap... akala ko noon, ganu'n ko makikita ang aking angel de la guardia. Gaya iyon ng itsura nila sa mga libro, sa mga kalendaryo, o sa mga dasalan. O puwede ring iyong may pakpak na sanggol na tumutugtog ng plawta, biyolin, o kaya'y alpa. Hindi pala. Walang dasal, walang kasabay na pagbukas ng langit at pagsabog ng liwanag, at ni isang talulot ng rosas di nalaglag galing sa kalawakan... ganoon nagpakilala ang aking walang pakpak na anghel.

Hindi man siya kamukha ng aking pinangarap, hindi ako iniwan ng aking anghel. Hanggang ngayon, hindi niya ako iniwan. Angel de la guardia. Anghel na bantay. Sa mga sandaling hindi ko inaasahan, sumusulpot siya sa aking likuran, minsan sa harapan, 'di kaya'y sa tagiliran, sa abot-kamay, o sa di maaninag man lang... anino, badya, hininga... anino...

...hininga ...

...badya ...

### **Anino ... Badya ... Hininga ...**

Sabay kaming tatawid sa kawalan pauwi sa kabilang mundo, sabi ko kay Nanay. Matagal pa iyon, diin ko, lalakas pa siya, babangon ulit, at lalakad. Lagi na'y tumatango siya, pumapayag umupo sa wheelchair, at matapang na

lumalaban. Ramdam ko noon ang takot niya sa kamatayan. Kaya lang, alam ko, kailangan ko siyang ihanda, siya at ako, dahil ayaw man namin, darating at darating ang wakas. Ang mga tao sa paligid namin, handang-handa na. Bonus na raw ang buhay ni Nanay, quotang-quota na. Madali nilang sabihin iyon dahil hindi sila ang nasa bingit ng buhay at kamatayan. Lagi akong sumasagot na wala sa edad, lakas ng katawan, o ano pa man ang kamatayan. At patunay nga, napakaraming mas bata o batang-batang kakilala ang nabalitaan kong namatay noong maysakit si Nanay. Tunay na walang makapagsasabi kung kailan darating ang kamatayan, si Kamatayan. At lagi, ibinubulong ko sa sarili kong huwag matakot sa kaniya. Napapakiusapan siya. Pinakiusapan ko siya. Sandali lang, bulong ko.

Hahawakan ko ang kaniyang kamay, aalagaan ko siya hanggang sa kabilang buhay, pangako ko kay Nanay. Kaya dapat ay hintayin niya ako. Hanggang dumating ang mga araw na alam kong hirap na hirap na ang kaniyang katawan, na wari bang pinipilit na lang niyang mabuhay dahil alam niyang ginagawa ko ang lahat para madagdagan pa ang kaniyang mga araw. Kahit alis na alis na ang kaniyang espiritu. Minsan, tinititigan niya ako, parang sinasabing hindi na niya ako mahihintay.

Hanggang isang madaling-araw, hindi na nga niya ako nahintay.

## **Hindi Ko Alam Kung Hanggang Kailan Ako Maghihintay**

Hindi ako nakatawid kasabay ni Nanay. Naiwan akong nakatunghay, bantay sa kaniyang bangkay. Hindi ko alam kung hanggang kailan ako maghihintay.

“Hindi hinihintay ang kamatayan,” sabi ng mga anino. “Kusa itong nagpaparamdam, dumarating, o kumakaway.”



Sa panaginip, hinatid ko si Nanay sa malayong-malayo, sa kabila ng kadawagang nababakuran ng alambre. Hindi ko alam kung paano akong nakauwi galing doon. Nagising na lang ako. Hanggang ngayon, nagigising ako sa kalaliman ng gabi, o sa madaling-araw, at pakiramdam ko'y nalalaglag ako... paulit-ulit akong nalalaglag. Kaya lang, bago ako tuluyan nang bumagsak sa sahog, may butuhang mga daliring sumasalo sa akin... paulit-ulit akong sinasalo.

Alam ko na ngayon kung bakit walang pakpak ang aking angel de la guardia. Nagkalasog-lasog iyon sa kaniyang pagsalo kay Nanay noong malaglag sa pick-up. Nadurog ang bawat bahagi ng pakpak, nagiyagis sa lupa, sumama sa alikabok, inilipad ng hangin, lumayo, malayong-malayo, at tuluyan nang lumaya ....

“Maiya,” tawag niya sa akin. Sa mga pagkakataong ramdam ko ang kamandag ng sumpa sa mga hibla't habi ng aking bawat salita, dumarating ang aking bantay na anghel. Siyang tagasalo ng mga lihim. Lagi't lagi niyang pinaaalala sa gitna ng aking paghihintay, na ang kabilang-mukha ng kamatayan ay ang habambuhay.

Amen.